Nang gabing iyon ng Biyernes, kabadong pumunta si Emma sa address ng lalaki na ibinigay ng ama sa kanya. Hindi na siya nag-effort na mag-ayos, just her usual self. At dahil business ang pag-uusapan nila, businesslike din ang kanyang suot.

Bigla siyang kinabahan nang nasa front door na siya. Pero sinabi ni James na matinong tao naman si Mr. Esteban at nirerespeto sa business world. At thirty-three years old lamang ito.

Lakas-loob na pinindot niya ang buzzer ng pinto. Napakagat-labi siya habang naghihintay. At the last minute, parang gusto na niyang umurong ngunit inisip niya ang kapakanan ng kanyang pamilya. Napatindig si Emma nang tuwid at napabuga ng hangin. *Kaya ko ito.*

Bumukas ang front door at bumulaga sa kanya ang matangkad, tanned face of a handsome man, wide shoulders, firm jaw, subble cheeks, beautiful brown eyes. Napasinghap siya at napatitig dito.

*Adonis in the flesh.* Kaagad siyang nakabawi nang patutsadahan siya nito ng nakakairitang tingin mula ulo hanggang paa. Napangiwi siya. She felt so small and inferior. Kung ito ang magiging asawa niya, makakaya kaya niyang tingnan ito nang hindi lumulunok? Para naman siyang binuhusan ng malamig na tubig nang magsalita ang kaharap.

“Gaya ng inaasahan ko, plain and simple. Please, come in.”

Para siyang itinulos sa kinatatayuan. Her face heated up and

there was fire in her eyes. "Ano'ng inaasahan mo, isang goddess? Kaya nga ako ang pinili mo dahil hindi ako attractive, di ba?" may pagkairitang sambit ni Emma.

Nagulat ang dalaga nang bigla na lamang itong tumawa nang malakas. "Palaban ka. Gusto ko iyan sa magiging asawa ko. Please… sa loob na tayo mag-usap. I'm Donald Esteban." At inilahad nito ang kamay.

Napabuntong-hininga siya at nakipagkamay rito. "Emma Roces." Kaagad din niyang binawi ang kamay na tila napaso siya.

Iginiya siya ng binata sa loob at pinaupo sa luxurious nitong living area. Maganda, maaliwalas at malaki ang condominium unit nito.

She sat on the expensive couch. "Nice and sleek."

"Thanks. Pero hindi tayo dito titira pagkatapos ng kasal. Lumipat ako sa bahay ng lolo simula nang magkasakit siya. Pumupunta na lamang ako dito paminsan-minsan kung kailangan kong mapag-isa."

Tumangu-tango siya. "So, sinabi ng papa ko na pumayag na ako? Pero kailangan kong maintindihan ang buong sitwasyon."

"Oo naman. After dinner, mag-uusap tayo. Come, the table is ready."

Halos hindi makapaniwala si Emma na nag-effort pa itong maghanda ng hapunan para sa kanilang dalawa. Napasunod na

lamang siya sa lalaki. Humila ito ng silya para sa kanya upang siya ay makaupo.

*At least, he got some good manners.*

Oh, goodness! She was still mesmerized by his good looks. Napatitig siya rito ngunit kaagad ding nagbawi ng tingin nang mag-angat ng paningin si Donald. Pinilit niyang mag-concentrate sa main reason sa pakikipagkita nilang ito.

She felt troubled being with a strange man who would soon become her husband. Halos hindi nga niya mahawakan nang husto ang kutsara nang sabihin nitong puwede na silang kumain.

"Please, kumain ka. Marami tayong dapat pag-uusapan, pero mamaya na lamang iyon."

Tumango siya kahit na wala siyang ganang kumain. Alam niyang nakamasid ang lalaki, kaya pinilit niyang i-display ang kanyang cool facade. Kumuha siya ng pagkain ngunit nahihirapan naman siyang ngumuya. Nakaka-awkward talaga. At ngayon lamang siya naharap sa ganoong sitwasyon.

Donald offered her a glass of wine and she accepted it. "Thank you."

"Kumain ka pa. Tayong dalawa lang naman ang nandito," wika nito.

"Salamat pero busog na ako, eh," pagsisinungaling niya.

Pagkatapos nilang kumain, inaya siya nito pabalik sa living area. Naupo si Emma at hinintay ang pagbukas nito sa usapan.

"So, your father convinced you about the deal?"

Tumaas ang isang kilay ng dalaga. "Mali ka. My father is against it. Ako ang nagdesisyon. Isa pa, wala naman kaming ibang choice, di ba?" May bahid na sarcasm sa kanyang tono.

"Ni minsan wala pa akong pinilit na tao na gawin ang gusto ko. I always give them a choice," matigas nitong tugon.

Tama nga naman. Hindi sila nito pinilit. It's just that it left them no other choice. Hindi niya dapat sisihin ang lalaki dahil sinabi ng kanyang ama na naging mabuti si Donald dito. Pareho silang nasa desperate situation, magkaibang circumstances nga lang.

Lumambot ang mukha niya. "Pasensya na. Hindi mo kasalanan ang financial problem namin."

"Naiintindihan kita. Gusto kong malaman mo na may ibang babae ring puwede kong piliin, pero mabuting tao ang tatay mo at naging kaibigan ng namayapa kong ama, kaya binigyan ko siya ng isang business deal."

"I understand kung bakit ako ang pinili mo." Napangiwi siya.

"You see, I don't want emotional attachment para kapag nagkahiwalay na tayo ay walang masasaktan. Kung sakaling may idadagdag ka sa napagkasunduan namin ng ama mo, magsabi ka

lang para mapag-usapan natin."

Umiling si Emma. "Wala akong ibang hihilingin. Kung ano ang napag-usapan n'yo ni Papa ay iyon lang."

"Gusto kong malaman mo na habang kasal tayo, I would shoulder all your expenses."

"Hindi na iyan kailangan. May trabaho naman ako. You are not thinking of letting me drop my job, are you?"

Ang kaharap naman ang umiling. "No. S'abi ng papa mo, you like your job very much. Isa ka palang Mathematics instructor sa *Maria Soledad University*."

"Yup. May expectations ka pa ba na dapat kong malaman?" untag ni Emma. Dapat lang malinaw ang lahat bago pa sila sumuong sa buhay may-asawa. Kahit pa sabihing pansamantala lamang iyon.

"Just don't fall in love with me. Walang intimacy, mas mainam na maging friends tayo. Ayaw kitang masaktan kaya ngayon pa lang pinagsabihan na kita," seryosong sagot ni Donald.

Nanlaki ang kanyang mga mata sa kayabangan ng kaharap. Napaismid siya. "I would not be that stupid. Wala kang dapat na ipag-alala. If ever I would fall in love, certainly, it wouldn't be with you." Nakipaglaban siya rito nang titigan; hindi siya magpapa-intimidate sa binata.

"Good. At least, nagkaintindihan tayo sa bagay na iyan. Kung

maging asawa kita, inaasahan kong mag-i-improve ang wardrobe mo. I'll shoulder all the expenses for your clothes and jewelry. I expect you to be presentable kapag magkasama tayo."

Napaangil si Emma at napakagat-labi. Para na rin kasi siyang sinampal nito. Pinigil niyang gumanti sa pang-iinsulto ng lalaki.

"Hindi ko kailangan ang pera mo. Huwag kang mag-alala, sisikapin kong huwag kang ipahiya sa anumang isusuot ko pag naging Mrs. Esteban na ako," malamig na pahayag niya. "Ano pa?"

Gusto na talaga niyang matapos na ang usapan nila. Para na kasi siyang nasasakal sa loob habang kaharap ang aroganteng lalaki. Oh, she didn't like him. Ni hindi niya ma-imagine kung paano niya pakikisamahan si Donald nang isang taon.